

MAR 2 - 1964

"Alza tu tersa frente
Juventud filipina".....! RIZAL.



C. RONQUILLOS COLLECTION

BANGON



Pahayagang Tagapamatnugot ng "KALIPUNAN NG MGA KAPISANAN SA RIZAL."

Ilinalathala tuwing kalahatia't katapusan ng bawa't buwan.

Mga nilalamán

1. Mga landasin sa pag-aaral. 2. Sa kabinataan, ni Jorge Mariano. 3. Intolerancia, ni Loau-Lagu. 4. Pag-aalaga sa mga sangol, 5. Noli Me Léger, ni I. A. Amado. 6. Arriba Juventud, ni Insum. 7. Ang ating kahapon, tula ni Tulibugso. 8. Kasiglahan ng mga biniibini sa Pasig, ni Mapagliis. 9. Mga tala sa Rizal, ni Lauro Maka-Irog. 10. Kahanaghanhang timbangjan. 11. ¿Néipin ang isinusulat? 12. Our Postal Service, ni X. 13. Ipamalas sa gawa at huwag sa salita, ni Pilar J. Lázaro. 14. Junior Philippine Assembly. 15. La exaltación de un Comprovinciano, ni Rizaleño. 16. Lakad ng panahon. 17. Hacia el Progreso, ni Fernando Curracho. 18. "Ako'y nananalig!!!", ni Silay-Alíu. 19. Cartas de aceptación, ni A. Flores de Sicto de los Angeles. 20. Mga Sa-wikain, tula ni Sunilang ka Bayan. 21. Assembly's first annual debate. 22. Bagong katha na naman. 23. What makes the earthquake? ni Way-Zi. 24. Hatol na mahalaga.

Pasig, Rizal, ika 28 ng Pebrero ng 1909.

Mga binubuo ng pasulatan

Tagapamahala, G. CELESTINO CHAVES.

Mga máminulat

- G. ISMAEL AMADO.
,, LEONARDO A. DIANZON.
,, SILVESTRE APACIBLE.
,, JORGE MARIANO.
,, ALFREDO S. HERRERA.
,, PEDRO C. JABSON.
,, JOSÉ S. HILARIO.
,, HONORIO MUSNI.

Mga katulang

- G. LOPE K. SANTOS.
,, FAUSTINO AGUILAR.
,, SERVANDO DE LOS ANGELES.
,, AMBROSIO FLORES.
,, FERNANDO CARRUNCHO.
,, FRANCISCO KINTOS.
,, FRANCISCO LAKSAMANA.
,, IGIGO ED. REGALADO.
,, CARLOS RONGKILYO.
,, GREGORIO FLORES.
,, CATALINO SEVILLA.

Tagapangasiwa, G. JERÓNIMO DE LOS ANGELES.

Mahalahagang Paunawa

Halagá ng pagpapadalá: ISANG PESETA ISANG BUAN.

Kung ipagpapauna ang bayad sa tatlong buan, ISANG SALAPI.

Halaga ng pagbibili: LABING-ANIM NA KUWARTA BAWA'T ISA.

Ang māga palathala'y sa halagang pagkakasunduan.

Pángasiwaan, daang Castillejos bilang 19, Kyapo, Maynila.

Isinasamo sa lahat ng sa amī'y tumatangkilik, na mangyaring ipagbigay
alam agad sa Pangasiwaan ng pahayagang ito ang di nila pagtang-
gap ng māga bilang na aming ipinadadalá.

Ang māga liham na nauukol sa tagapamahala ng pahayagang ito'y mangyaring
ipahatid sa bayan ng San Pedro Makati, Rizal.

VINO FERRO NUTRITIVO

DE LOS

Ldos. C. Fernandez y L. Antonio.

Mabuti sa kakulangan ng dugo, bagong panganganak.
at nagbibigay gana sa pagkain.

FARMACIA MODERNA, Malabón, Rizal.

Depósito - Manila.

Farmacia Barcelon.

SASTRERIA FRATERNAL

DE

Patricio Aranda & Hnos.

Se confecciona toda clase de trajes para caballeros
á la última novedad.

Precios sumamente baratos.

Jaloneros No. 111, S. Nicolas.

BANGON...

PAHAYAGANG TAGAPAMATNUGOT NG "KALIPUNAN NG MGA
KAPISANAN SA RIZAL."

ILINALATHALA TUWING KALAHATIA'T KATAPUSAN NG BAWA'T BUWAN.

I TAON

Pasig, Rizal, ika 28 ng Pebrero ng 1909.

BILANG 2.

Bagong landasín sa pag-aaral

Ang kalugodlugod na pagdami ng mga paaraláng bayan dito sa atin, ang namamalas na pagsusumakit ng kabataan sa pagdaló sa mga lipúnang iyan ng ikáubukás ng isip, pagsusumakit na sa arawaraw ay nagdaragdag, ay di maikakait na nangangako ng isang maligayang panahon sa bayang itong kung sa kasalukuya'y dumaranas ng di ga-gaanong karálitaan at pagkaamis, ay umaasa naman ng boong ningas ng loob sa isang masanghayang búkas na ikapagniningning ng araw ng kanyang ganap na katúbusan.

Néuni't nais naming isahagap na lagi ng kabataang iyan, na ang kanilang pag-aaral ay may mahalagang kinaukulán: ang kapakinabangán ng bayang kinakitaan ng unang liwanag; at dahil dito'y kinakailangang yao'y ihilig nila doon sa mga bagay na makapagdudulot ng masaganang ginhawa't makapagpapabukal sa mga kayamanang hangga ngayo'y hindi natin náhaharáp.

Suminsáy na tayo sa daang tinalak-ták ng sa atí'y nangáuna. Datidati, niyong mga panahong lumipas, ang nag-aaral ay walang pinangangárap kundi ang magtamo ng maniningning na titílong noo'y minamarangágal. Paglabás sa páaralang baya'y papasok sa isang colegio sa nasang makasaulo ng maraming wikang latín, makaabót sa

Filosofía, hangan sa kung may ikakakaya pa'y makapagpatuloy sa pagparí, pag-aabogado ó pag-memédico, Datapwa't anó ang nangyayari? Lunód ang bata't sampa ng magulang sa ganitong pananaginip, hindi nagugunita ang kanilang kakapusán kundi kung napapasubo na, kung gipít at wala ng sukat mapagkunan ng magugugol. Ipaghalimbawa nating ang binatang yao'y nakatapos sa pagbabachiller. Máraramdamán niya ang masidhing panangáilan ng búhay, at mátitigil sa pag-aaral at hahanap ng anomang pagkakitaan. Dito na ang mga hinagpis, dito na ang mga pagsisisi. Kanyang makikilalang ang mga wíkang latín, ang mga filosofíang nakapupunô sa kanyang ulo'y hindi magawang bigás na maipagtawid sa kagutuman; mapag-kukurong ang anim ó pitong taóng singkad at ang di kakaunting salaping kanyang ginugol sa pag-aaral ay wala palang ibang kapakanán kundi ang sa wakás ay siya'y maging hamak na magpa-paupá ng pagál sa maramot na nangangáilan ng isang lingkod na tagasulat... ¡Ilán ang ganitong mga sawing palad na matutukoy nating halimbawa! Sa sangdaang nag-aaral ng mga panahong yaon, mapalad kung may limáng makarating sa hanganang pagpapari, pag-memédico ó pag-aabogado; ang kara-

·miha'y náuuwí na lamang sa pag-eempleado.

Hindi ito ang hilig na dapat sundin ng kabataan nágayon. Higit diya'y kinakailangāng harapín natin ang pag-aarial ng máḡ industria, ng matalinong pagsasaka at ng mapabulas naman sampu ng panğāgalakal. Sikapin nating ang máḡ bagay na tubò sa lupaing ito'y matutuhan nating bigyan ng ibang anyô sa ikasisiyá ng máḡ panğāgailangan hindi lamang ng máḡ tagarito, kundi pati ng máḡ taga ibang lupain. Kalapain nating ang panahong ating ipag-aarial ay magbungá ng mainam na pakinabang, hindi lamang sa ating sarili, kundi naman sa ating bayan. Sa pagmumungkahi namin nito'y hindi namin ibig sabihing bayaan na ang pag-aarial ng máḡ karunungan̄ gaya ng Derecho, Medicina at iba pa; hindi, at makalilibong hindi. Kinikilala namin ang kahalagahan ng gaganitong máḡ karunungan̄, at dahil náḡ sa kahalagahan̄ iyán kung kaya di lahat ng nahihibil doo'y nakaaani ng matatamis na bun̄ga, liban na náḡ sa ilang sadyang may máḡ tanḡing katalasan ng isip. Hanğad naming huag masayang ang maraming útak na dapat makalikha ng marami't malalaking bagay kung sa lugal na iubos sa máḡ karunungan̄ di nila káya ay pigain doon sa ibang pakikinabanğan pa ng labis at labis.

Lisanin din natin ang di wastong kaa-saláng napanood sa máḡ bata noong una, na kapag nanğaturang *estudiante* ay nanğahiihiya nang humawak ng asaról na sa ganang kanila'y ikinaaaba ng táo; kamaliang hinugasan ng di masayod na pagsisisi sa gitna ng kasaliwaang palad na kanilang kinásadlakán.

Tayo'y mag-iba ng landás sa pag-hanap ng karunungan̄, at isaloob na

ang kinakailangan̄ ng ating baya'y máḡ táong bukod sa may ganap na katalinuhan ay may máḡ bisig na malalakás.



Sa kabinataan

Lakad ay tulinan, kabinatang hirang, at nang di abutin ng dilim sa daan, pagka't iyang áraw ngayong tumatanglaw búkas ay pawi na, ni di pasisilay ang matinding sikat ng kanyang liwayway.

Kung tayo'y ulanín ng máḡ sakuna sa párang na itóng tulad ng sa digma, kalasagin agad ang paftitiyaga, sapagka't wala nang titibay pang kuta na makakanlungan tayong mahihina.

Kung sa pagtuklás mo ng ikáaanyo ng sariling baya'y dalawin kang hapo, dagli kang tumigil at saka maupo úpang pagsaulán katawang nagipo ng nawalang lakás at tumanang dugo.

Huwag kang tutulad sa máḡ ulian na agad babalik kapagkanangalay, saka sasabihi't ipamamalitang di niya aabutin aáḡ kinalalagyán niyong katibusan ng hiráp na bayan.

Paano'y madali siláng mangapagod, paano'y madaling tuhod ay manğalog. paano'y madaling dalawin ng takot ang kanilang pusong singdupok ng bubog na sa anino lang ay nanğinglabot.

Kung ganítong lahat ang uugalsín ng máḡsisikalág sa nakatataling gapos na mahigpit sa Bayan kong giliw, ay masásabi kong ang makakahambing ay pangárap lamang ng balang gagawin.

Dapat ngang kumilos ng kilos lubúsán ang máḡ binata sa irog kong Bayan, yamang waláng gawa kung hindi patangáy sa bilis ng agos, ang máḡ matandáang inaantig mo na'y ayaw pang gumalaw.

Ang ugaling iyán, binata'y itakwsl at ipagbaunan sa balón ng lagím, palibhasa iya'y likás sa alipin at di katútubo nitóng Lahi natin na may kinagisnang sariling damdamin.

JORGE MARIANO.
Malabon.—Rizal.

INTOLERANCIA

El Hon. Juan Sumulong, en su discurso pronunciado hoy en el banquete que se dió en su honor en esta capital, ha mencionado la intolerancia como uno de los males disolventes de la solidaridad que debe reinar entre los filipinos.

La intolerancia es, ciertamente, un mal que, para desgracia de Filipinas, está bastante extendido en este pueblo. No sólo se observa que naciona-listas se muestran refractarios á ideas de progresistas—como aseguró el honorable Sumulong—sino también, y quizás con más frecuencia en esta provincia, que progresistas se muestran refractarios á ideas de naciona-listas, aún cuando unas y otras fuesen para el bien general. Semejante estado de cosas nos demuestra que la cizaña de la intolerancia viene arraigándose en ambos partidos políticos, y por consiguiente, militan en sus filas hombres con marca afrentosa, culpables de falta de solidaridad entre filipinos, tendencia muy funesta que ambos debieran proscribir.

El mal de la intolerancia es, por desgracia, muy *añejo* en nuestro país, aunque de la conveniencia de su cauterización del cuerpo social filipino no es esta la primera vez que se ha hablado. En otro periódico provinciano también tuvimos ocasión de tratar de esta misma cuestión, allá por el año 1907, y entonces entre otras cosas, dijimos:

‘Nótase con gran pesar que en la mayoría de los pueblos de Filipinas, existen hombres muy inconsecuentes que, no obstante estar predicando á todas horas la libertad de obrar y de pensar, no saben ni siquiera por cortesía, respetar las opiniones agenes: bástales que otros difieran de sus ideas

para tenerlos por enemigos, por anti-patriotas, por hombres de mala fé: ellos se consideran los infalibles, y por esta infalibilidad les es insopportable oír ideas distintas, y más aún, contrarias á su modo de pensar. Parecen ignorar, ó no quieren comprender, ó si lo comprenden bregan por lo contrario, que la emisión de un pensamiento es el ejercicio de un derecho innato en el hombre, y que la exigencia de que todos pensaran de la misma manera es empeño de controlizar las conciencias de todos, lo cual, solamente y de una manera aparente, puede tener lugar en Rusia donde han gobernado y gobiernan los Czares y donde la sinceridad apenas se conoce, porque se obliga á querer lo que no se quiere, á pensar de manera contraria á la propia convicción, y á obrar contra los impulsos de la voluntad.”

Pero la intolerancia se hace más reprobada, mucho más censurable, cuando la encontramos encarnada en personas constituidas en autoridad pública.

Allá mismo en el banquete dado al Hon. Sumulong, un funcionario (es progresista, don Juan) que por varios motivos estaba más llamado á ayudar para que aquel acto diera mayor éxito posible, viósele con cara de medio tristón, medio descontento, porque no podía consentir que de un acto como aquel no fuese uno de sus iniciadores, y por este inconveniente, aún siendo su deber, no prestó cooperación ninguna á los que promovieron aquel homenaje.

Lo que se ha visto de este funcionario en sus actos privados, podría verse tambien en sus actos oficiales; y entonces toda idea extraña no encontraría apoyo en aquel individuo, aún cuando fuese beneficiosa para la comunidad.

Y esto es intolerancia, orgullo mal entendido y egoismo sin nombre.

Cuando se deja de favorecer y auxiliar la realización de una idea tan solo porque es agena, aunque de ella pudiera resultar incalculables beneficios para el país, se comete un acto denigrante en la patria y en la sociedad en que se vive; y cuando los buenos propósitos no sólo son respondidos con una indiferencia, sino que por vil egoísmo despliegánse actividades y energías para ahogarlos, por creerse que su realización sería humillación personal ó posición de intereses, no solo se comete un acto denigrante, sino también un crimen cuya mínima pena debe ser la guillotina.

Censuramos, y no nos cansaremos nunca de censurar y condenar, la intolerancia como un mal que debe evitarse al igual que una serpiente venenosa, sobre todo en esta época de nuestra regeneración.

LAAN LAGUI.



Pag-aalaga sa mga sangol

Ang kakilakilabot na pagkakamatay n̄g mga sangol dito sa Pilipinas na may ilan nang taóng napupuna ay lubhang nakababahala sa mga marurunong at ikinapagdidilidili sa isang masaklap na kábakasang sáplitang aabutin n̄g mga tagarito, palibhasa ang bawat buhay na iyang sa kamuraan pa'y nalilipol na ay isang laking na nasasayang, at bawa't sangol na namamatay ay isang mámamayan, maagang nababawas sa talaan n̄g mga magbibigay puri't kagalingan sa bayan natin.

Sa pagsusuring ginawa't ginagawa pa ng mga matatalino nating kapatid, ay nahahanango nilang ang pangulong sanhi n̄g gan yang pagkakamatay n̄g mga bata ay ang di pagkaalam n̄g karamihan sa mga ina ng mabubuting tuntunin sa wastong panunupad n̄g napakadakila nilang katungkuluan. Dahil sa bagay na ito kaya napabunsod na n̄ga ang isang Samahang pinamagatang "La Pro-

tección de la Infancia", na n̄gayo'y natata>tag sa Maynila, at itinataguyod n̄g mga bihasang mangagamot at pinangangasiwaan n̄g masisikap at may magagandang pusong mga babaeng pawang kababayan. Inaampon n̄g Samahang ito ang mga sangol na mahihirap, pinagkakalooban n̄g maipag aagdong buhay, at ang kanilang mga magulang ó kamag-anak na nagtatangkilik ay binibigyan n̄g karapatdapat na mga tagubilin at matwid na mga aral hinggil sa pag aalaga n̄g kanikanilang sangol upang maiwas ang búhay n̄g mga itó sa maagang pagkasawi.

Dapat nating lingapin ang mga batang iyang sa ati'y magsisihalili; dapat nating kalinggai ang mga lakás na iyang pakikinabangán n̄g ating bayan sa mga hinaharap na panahón, at búbuhay na lagi sa angkán n̄g mga taga Pilipinas. Silá ang magpapatuloy n̄g ating mga gawain, sila ang magmamana n̄g mga tibok n̄g ating puso, búbuhay sa ating mga pangarap at maghahayin n̄g masasamyong bulaklák sa ating alala; at sila ang sa wakás ay maglalagáy n̄g karikitdikitán hangá sa ating mga pagpupunyagi, mga pagpapakasakit at pagpapakahala n̄gayon.

Tinatawagan n̄g namin ang mga ina upang mangagdalitang tumungháy at matutong makinabang sa sumusunod na mga aral na sa kanila'y iniuukol n̄g nanagsisulat na mga kilalang mangagamot na sina Dr. Juan Miciano at Dr. Mariano Martin, kapwa nagtuturo sa Universidad n̄g Sto. Tomás, Dr. Manuel Gomez, na kasalukuyang ka gawad n̄g Sanidad at Dr. Atistón Bautista, Pangulo n̄g lupong Tagapaglitis sa mga Mangagamot. Ang munting aklát na itong kanilang ginawa ay inihayag sa ilalim n̄g kapuyarihan n̄g Kágawaran n̄g Sanidad, na siyang namamahagi sa balanang mangalangán.

Irelathala namin dito s̄púl n̄g you, at sa ilalim din n̄g pamagat na PAGAALAGA SA MGA SANGGOL ay ihahay g naniu n̄g mga karugtóng sa mga bilang na susuód.

Sa mga iná.

Sa hikayat n̄g Junta n̄g Sanidad (1) n̄g Sangkapuluan at n̄g Ciudad n̄g Maynila ay

(1) Ang kapisanan n̄g mga pantás na mga mangagamot na nanangangasiwa sa ikapangíngilag sa manga sakít n̄g mga taong namamayan at sa ikalilipol n̄g mga sakít na pinangagalíngan n̄g pagkakamatay, gaya n̄g kólera, bubónika, bulútong at iba pa.

tinipon namin sa sumusunod na pananalita, na walang ano mang tagláy na pagmamalaki dahil sa dunong, at itinala namin sa mga sabing karaniwan at madaling maunawa at magaang mapagabot ng lahat ng pag-iisip, na sa mga iná nahahandog, ang mga pagsasalaysay na bunga ng aming mga pag-aaral at ng mga pinagdanasan namin sa pagganap ng aming katungkulang pagkamanggamot sa lupain'g itó, at ang inaadhika'y maiwasan iyang kalagimlagim na pagkakamatay ng mga sangol.

PAGLILINIS AT PAGGAMOT SA LUBID NG PUSOD.

Kinakailangang totoo ang mga tangging pagiingat tungkol sa paglilinis ng bagong anak na bata at paggamot sa lúbid ng pusod, upang mapangilagan ang mga sakít sa balát, na dito'y lubhang madalás mangyari, at gayon din ang mga katakot-takot na mga pagkabulok na ang pinakakadahilana'y ang kapabayaan at kakulanğan ng kalinisan sa paggamot ng lúbid ng pusod.

Kapae-karakang ipaniganak ang bata, dapat na balutin agad sa isang makapal na toalla, at ng huwag mangyari ang bigláng pagbabago ng init na dating kinabihasan sa loob ng tiyán ng iná, at saka ang mararamdam sa maliwanag na bagong linabasán, sapagka't lubhang maramdamin ang mga sangol sa ganitong mga pagbabago.

Pagka humihina na ó tumitigil na ang tibók ng lubid ng pusod, ay gagawin ang pagtatali ng lúbid ng pusod na ito. Gina-gamit sa ganitong bagay ang isáng písing sinulid ó sutla na totoong malinis ó pinakuluan kaya muna. Tinatalífan ang lúbid ng pusod sa lugar na ang layo sa balát ng tiyán ay tatlong dali, dapat higpitáng magaling at dalawahíng bilibid ang tali, upang mailagang dumugo sa mga haharaping araw. Pagka may tali na ay puputulin ang lúbid ng pusod, na isang centímetro ang palabis sa ibabaw ng pinagtalian, at ang ipuputol ay gunting na pinakuluan muna sa tubig ó pinaraandaan sa ningas, at ng maalis ang lahat ng dumí at mapatáy ang lahat ng panggagalingan ng mga ikahahawa, na siyang mangyayaring pagkадahilan ng pagkabulok ng pusod.

(Ituloy.)



Noli Me Légere

—o—

II

iSulong sa Kabayanihan!

(Karugtong.)

Di nalaon at dumating ang mga magsasakdal sa tanggapan ng hukom, nguni't sa kasamaang palad ang hukom na kanilang sinadya ay wala noon sa loob ng bayan; may nagsabing siya'y napa sa Maynila at di maalamang kung kaylan babalik.

Inaharap ang sakdal sa pangalawang hukom, dapwa't ito'y tumangging lumitis sa usapin sapagka't siya'y kamaganak ng nag-sasakdal na si Julio.

Ayon sa kautusan, ang presidente municipal ng isang bayan ay siyang makakahalili ng hukom at pangalawang hukom kapag ang mga ito'y walang kaya ó karapatang lumitis sa isang paglilitis na "criminal". Sapagka ngá't ito ang ipinaguutos, ang mga magsasakdal noon di'y nagsitungo sa Presidencia upang dumulog sa harap ng presidente. Nguni't talaga yatang sila'y sinasamá. Ang presidente ay wala rin doon. Hindi pa dumarating. Ang oras na iyon ay hindi pa oras ng pagdatiug ni Mahabang-Kamay sa kanyang tanggapan. Iyon ay oras lamang ng kanyang pagbançon, ng paghiwalay sa mapanghalina niyang higaan, ng pagpapaalam sa isang kinawilihang pangarap.....

Si Mahabang-Kamay ay di nararapat bumangon ng maaga; hindi ito nababagay sa kanya. Siya'y isang maginoo, isang presidente, isang punong-bayan na sumasahod buan buan ng walangpung pisong matunog. Bumangong maaga ay nababagay lamang sa mga mahihirap, sa mga magsasaká, sa kanyang mga kasamá, alila at mga hindi maginoong gaya niya.

Tinutugtog ang ika 10 oras ng si Mahabang-Kamay ay magbançon noong umagang iyon. Ang mga hikáb niyang sunodsunod ay nagpapakilalang di pa nasisiyahan sa tulog. At muli sanang mahahandusay ang mahal nating ginoo, dançan at nagitlá sa ingay ng maraming tao na noo'y naghuhugasan sa tapat ng kanyang bahay. Ang mga taong ito'y siyang kasunodsunod nina Bayani mula ng iwan nila ang tindahan ni

Julio; ibig sana nilang mapanood ang pag-lilitis, dapwa't nabuktot na lahat sa pag-iintay sa presidente, kaya't n'ayo'y nangaguuwian na. Salamat sa ingay nila at nabitog ang masipag na pinuno ng bayan; sa wakas ay natuluyan ding mamulat ang mga namumugtong mga mata na animo'y nagsabing "Kami ay busog na busog!"

Pagkakain ng lmusul n, ang m hal nating presidente ay humilig sa isang sillón; at dito'y sinimulan ang walang lagot na pagpapausok sa isang "Germinál."

Inintay pa munang mangalahati ang sa gisag na iyon ng isa sa mga masasamang hilig ng tao, bago nagbihis si Mahabang Kamay upang dumalo sa presidencia.

Samantalang siya'y lumalakad, (nagpasa-sa sa ganitong kaginhawahan,) ay sikapin nating iguhit kahit bahagya ang larawan ni Mahabang-Kamay. Siya ay isang lalaking m'y mataas na tindig, mukhang bilog na kin babanaagan ng ilang patak ng dugong dilaw, úlong tihaba na pinapalamutihan ng ma-puputing buhok, mga matang busog na animo'y ipinaglihi sa mga mata ni Mutzu-Hito, ilong na hiniram kay San Mateo, bibig na inahawig sa bibig Limahong at tiyang kauri ng tiyang Taft. Kung dito'y idagdag natin ang pagkamahaba ng kanang kamay, ang giliw na bumabasa ay madali ng makikilala kapag natagpuan ang pinunong bayang dito'y tinutukoy.

Tinutugtog ang ikalabingisang oras ng umaga ng siya'y sumapit sa Presidencia. Pag pasok na pagpasok ng pinto, ay isang tukso ang kaagad ay sumagupa sa kanya. Sa dakong kaliwa ay may isang malapad na bangko at sa ibabaw ng bangko ay naka-tukmol ang isang pulis, na uuga-uga ang ulo at pipikit pikit ang mata. Sa ganitong anyo na bilang pasalubo g sa kanya ng kawal niyang hi ihila ni Antok, ang maki sig na puno ay bigla g siniglan ng pangungupinyo. Ano ba't ang buisit na iyon eh, tila ginagagad ang anyo niya kauina nang siya'y bago laang kagising?

Dahandahang lumapit ang nagngingítngít, sinunggabang bigla ang ulo ng tukso at walang sabi-sabi'y niluglog ito nang kata-kot-takot.

—“Ah, salbahe! demonyo! di nahuli rin kita!.... Iyan, (suntok) iyan, (sipa) at iyan (dagok) ang bagay sa iyo, tamad! walang

hiya! hayop! Kung kaya ka bá binabayaran ng sampung piso buwan-buwan ay para magtulog ka rito? Walang hiya!”

Gitlang gitla ang pinupog ni Mahabang-Kamay. Sa kagulatan ay nakalundag tuloy, sa di oras, ng limang dipa.

Samantalang nagbububusa ang bibig ng pinuno, ang iba namang mga pulis ay pw ng nagpuputlaan at nangingín, lahat ay nangagtayo ng tuwid na tuwid, walang makahumá kahit isa.

Pagkatapus ng ganitong pagpapakita ng gilas sa silong, ang maba'gis na puo ay dahandahang nanhik na nanglilisik ang mga mata.

Sina Julio at Bayaning inis na iris na sa pagiitay ay napabuntong hiniña na lamang ng maramdamaug siya'y dumadating.

I. A. AMADO.

(Itutuloy.)



¡Arriba, juventud!

Apenas se ve disipado de la actual perspectiva del tiempo el triste y luctuoso cuadro del ayer en que el pueblo, enarbolando la bandera roja, luchó por la reivindicación de sus derechos; apenas haya alborreado la aurora del nuevo sol que diera otra vida al país; la juventud rizalina mostróse llena de vigor, y convencida de la necesidad de la instrucción que crea la grandeza y el bienestar de los pueblos, consideró como uno de los medios para alcanzarla la formación de «sociedades», que hoy día vénse organizadas en los diferentes pueblos de esta provincia, constituyendo una Confederación que establece la armonía entre ellas y afianza la estrecha unión de todas para el mejor logro de sus vehementes aspiraciones.

Sonó, pues, la hora en que todos los que se sienten con fuerzas para aportar su grano de arena en la labor que se emprende por el engrandecimiento de la patria, deben ofrecer algún sacrificio en aras del bien común, contribuyendo todo lo que les sea posible para el fomento de la instrucción, base esencial para la regeneración del pueblo filipino.

INSUM.



"Ang ating Kahapon"

Kay Minang.

Sakaling ikaw ma'y kusa nang lumimot
sa mga sumpaan ng ating pag-irog,
di ko daramdamin,
sapagka't sa aki'y
bawa't nasain mo'y inaaaring lugod,
dusa ma'y galak di't ikaw ang may handog.

Hindi sa pita kong ikaw'y mabagabag
kung kayâ umawit ngayon ang panulat,
hindi, oo, hindi;
at liban sa mithi
ng ulilang pusong saglit na mangarap
sa mga talata ng ating lumipas.

Upang sa nalantang dahon ng pag-sinta'y
marahang basahin ang mga ligaya
ng ating panahon
at ating kahapon;

noong di miminsang ang pinagtali tang
puso'y sumalangit ng tuwa't pag-asâ.

Nâbabakás ko pa halos sa gunitâ
ang mga sandaling ipinagsinayâ
natin sa paglasáp
ng suyuang tapát;

at anakin pa ri'y narito't sariwâ
sa noo ko't bibig, ang halik mo't sumpâ,

At mandi'y sa piling ng iyong kandunga'y
payapâ pa akóng ngayo'y nahihimlay,
at dinig ko pa rin
wari ang malambing

na laging bigkas mong: "tagâng ikaw lamang
ang kasi't buhay ko hangang sa libingan."

Paris din ng aking palaging taguri
na "si Minang namán ang twâ't lualhati

ng aking pag-irog
hangang huling tibok;"
sakâ kasabay rin namáng idarampi
sa pisngî mong garing yaring mga labi.

Sa sandaling ya'n puso tw'y hihilig
sa dûyan ng galák ni Diyos Pag-ibig,
sabây aawitin
ang kahilihiling

pipig alingângâw ng hiwagang tinig
ng ating tagumpay. ; Kay lambing, kay tamis'
; Sisimoy ang hangin, bubukad sa tangkay
ang mga bulaklak, sisisikat ang buwan
saka pamamalas
namán ang liwanag

ng pag-uumagang tagapagpatunay
na: ;sa langít nati'y ngiti na ang araw! .

Anopa't lahat na'y nagsisipagdulot
sa alaála ko ng tuwâng natapos,
at siyang sa aking
hibik ay palaging

kumukutýâkutýâ; pagkat ikaw, irog,
ay nakalimot na't tikis nagmaramót.

Napálayo ka na't ayaw nang dumining
sa paós na taghoy ng nilisang ibig,

sinarili mo na
ang tuwa't ligaya;

N-unâ't tantuin mong inapi man kahit
ako sa pagsinta'y ikaw rin ang langit.


Hindi ka rin taksil na ipalalagay
ng aking sarili, tinalikdan mo man
ang sumpaan netin
sa mga pag-giliw;
at liban sa taos na panghihinayang
sa luhâ mong di ko asang biro lamang.

Kayâ lubusín na ang pamamayapa't
bayaan na yariung unang nagkapalâ,
at gayon din ngayon
ako'y hibinahon,
at ang aariung lúnas sa dalita'y
ang sangla ng atiung sintang nagsinaya.

At ito na lamang ang hangang márool
akó sa libingâ't amís na kabaoong
ay yaman ng pusong
itatago tago;
at sa iyo nama'y ang wakás kong samo'y
puklin ng malay mo ANG ATING KAHAPON....

TALIBUGSO.

Gagalangin, Maynila.



Kasiglahán

NG MGA BINIBINI SA PASIG.

Niyong ika 22 ng kasalukuyan at sa bahay ni Gining Paz Asunción, ay nagdaos ng isang masayang pagpapanayam ang madlang binibini sa bayang ito upang magtagtag ng isang Samahang kadalagahan ng paghahanap buhay.

Doo'y napanood ang mga sumusunod: Binibining Angeles del Rosario, kawani sa Fiscalía Provincial sa Rizal; Bb. Florencia Asunción, Mercedes Alcaráz, Caridad Santos at Rosa Musni, mga gurong walang pagod sa paaralang bayan sa Pasig. Mayroon ding nanâggsisipagaral sa Rizal High School, at sila'y ang mga Bb. Paz Asunción at Blanca Lara, at ang Bb. Simeona Gómez na kapagbibitiw pa lamang sa tungkuling pagka guro; gayon din ang

Mga tala sa Rizal

Isang tunay na talà at maningning na gaya rin ng māga sumisikat sa itaas. Laman' ay naiiba, pagkāt siya'y kumikisáp, nguminégi. tumetawa, sumusulyap at nakapupukaw ng māga puso at nakalilitó ng māga isip. Hindi siya marunong lumubog: miminsang sumikat at hanga ngayon ay nakasikat pa.

Ang kanyang pagmumukhá, ang māga kilos, sng mēa titig at lehat na, ay pawang nakawiwi, palibhasa'y naepapakilala ng kanyang dalisay na ugali, ng kanyang matimtimang dibbō, ng kanyang malinis na peso.

Katatagan ang gulang. Kung bagá sa isang bulaklak, ay sasandali pang nahahagkan ng amihán ang kanyang māga ubod at kinasasabikan pang silayan nang liwanag ang māga sariwá't huinalhalimuyak niyang talutó.

At sapaka't anak ni Eva, manzyari pa, marunong din namang umihib.

¿Año ang kulay, ano ang uri, ano ang lasa nang

kanyang pagibie, ng kanyang paglivag?.....

Iyan ang malimit itanong sa pangarap, iyan ang malimit hanapin sa panaginip n̄z māga binatang nabibihag ng kanyang mapanehalinang anyo at ng kanyang maamong tingin, dapaw'a latat ay hangan doon na lamang. Pawang kasabikan, pawang mithi at wala na.

¿Sino kaya ang mapalad na tatangap sa kanyang pakaktalà at sa kanyang pagkabinibini? ó ñmayroon na kayang nalalaan?.....

Kavong māga kaibigan niya ang siyang makapag-sasabi.

¿Nahulaan na ba ninyo kung sinong talà ito?....

An teacher na si CRISTETA SULIT, ang may matamis na palayaw na TETA sa Patero, puri ng kanyang bayan isa s̄t mēa talà sa lalawigang Rizal at "hiyas na buháy" ng ating Lahi.

LAURO MAKA-IROG.

masisipag na ilang Binibini ng Samahang SUMILANG KA BAYAN, na sina Bibibining Concordia Ocampo, Rafaela Cruz at ang, kung di ako namamali, ay naging Panagalawang Pangulo ng nabangit ng Sumahan na si B. María Poson.

Hindi naluutan at sumapit ang ganap na ika 4 na oras ng hapon, at si Bb. Florencia Asunción na nag anyáya sa tanang kabibinihan ay buinigkas ng pasasalamat sa lahat at ipinakilala ang sanhi ng kanyang ipinaganya. Lahat ay di tumutol sa ganitong mainam na panukala, at palibhasa'y sa alin mang pulong na idinaraos ay kailangan ng may mangulo at magpatotoo sa lahat ng paguuusapan, ay nagsipaghatal at nanagtungkulang ng sina Bb. Florencia Asunción sa pagka Samantalang Pangulo at si Bibibining María Poson, sa pagká samantalang Kalihim.

Lumuklok ang māga nátungkulang at ipinatuloy ang pag uusap. Maiinam na katwiranin ang doo'y narinig hingil sa pagtatalo ng māga kaparaanang pagbabatayan ng gaga wing palatuntunan, at maisagawá ngā ang binabalak. itatag na Kapisanan. Ang akala ko'y ang māga kabinataan lamang ang nañagkakahigpitán sa pagtatalo tungkol sa isang punukala, hindi pala't ang māga kabinibinih n̄m̄n ay sumasapit din sa pagmamatigasan ng kānikanilang matwid.

Samantalang nagmamadali sa pagpapaalam ang liwanag ng araw, ay iny naigmung kahing maghalal ng isang Lupon upang gu mawa ng Palatuntunan, na sin ng ayunan

naman ng lahat, at nangalagay ngā sina Bb. Angeles del Rosario, Florencia Asunción at Mercedes Alcaraz. Itinindig ang pulong ng mahigit na ika 6 na horas ng hapon.

Biuabati ko 'ng may panukala at ḡyon din ang t̄nang n̄ kikibilang na sa itinatitag ngang kapisanan, at hari na ugang matayo agad upaeng pakinabangang nḡ marami sa ikadadakila ng ating kinamulatang Lupa.

MAPAGTIIS.

Feb. 27, 1909.



Kahangahangang timbangán

Ito'y ang isang nasa sa Banco sa Inglaterra, na nakatitimbáng mula sa isang bútil ng buhangin hangang dalawang kilo. Isang sello nḡ koreo ay sukat nḡ makapagpatakbo ng labinglimang centímetro sa panurong tinataglay.

¿Ngipin ang isinusulat?

Parang isang kasinungalingan, datapwa't siyang totoo. Sa Bunker Hill ay may isang kapamáltaan ang páhayagang "Waterbury Republican" sa Connecticut, na ipinanganák na walang kamay. Pagkabata na'y nagsanay si Mr. Schulke, na siyang pangalan nḡ nasabing kapamáltaan, sa pagsulat nḡ lapis at pluma, na kanyang kinakagat, at nḡayon, bagaman nakakasulat din nḡ paa, ay minamagaling niyang yumari nḡ māga liham sa pamamagitan nḡ bibig. Ang táong ito'y pumipinta rin naman sa pamamagitan din nḡ paraang iyon.

Our Postal Service

A NECESSARY CHANGE

(Continuation)

Let us now look at the question from the government's standpoint of view, and find out whether the government will be justified should it approve this reduction.

In the first place, will the postal revenue decrease? Most certainly not. The cheaper the stamp becomes the greater will be the number of people who will buy them and the greater will be the number bought. Therefore there will be more mail and more revenue. Instead of decreasing, we venture to say that the revenue will be doubled.

If this reasoning is not very satisfactory let us get right down to history and see if it throws any light upon the subject; let us find out whether this reduction in the rate of postage proved beneficial to other countries.

Take the United States. There was a time when U. S. postage was worth 25c. It did not meet the demand of the country and so it was successively reduced to fifteen cents, ten cents, five cents until it was finally cut down to what it is now—two cents. Such a tremendous good resulted from this reduction that Postmaster General Smith said: "The Postal establishment of the U. S. is the greatest business concern of the world. It handles more pieces, employs more men, spends more money, BRINGS MORE REVENUE, reaches more homes, involves more details and touches more interests than any other human corporation, public or private, governmental or corporate".

Reduction in postage is found successful not only in the American Continent but it is also so in European countries. England which now uses penny postage is a good example. On the other hand we have Mexico and Canada, for instance: They use respectively five cents and three cents postage. These countries are not very far ahead while those which use a comparatively lower rate of postage—the United States, England, Germany, are the leaders in the World's race for supremacy. It is therefore clear that were we to reduce Philippine postage to one centavo the result cannot be a failure.

Aside from this, it is very reasonable to say that anything done with a view to advancing the people must be made as cheap as practicable. And since our Postal system is a public necessity and a public benefit, it is equally reasonable to conclude that the present rate of postage should be cut down to one centavo.

We, therefore, humbly and respectfully request our Hon. Philippine Legislators to consider this matter over, for we firmly believe that the System really needs a change. We do not say that with the change herein advocated our Postal System will reach perfection: not at all. We only think that this will be an improvement which must necessarily be carried out to respond to present demands and to extend farther the utility of the Postal Service within the reach of the mass of the Filipino people.

X.



Ipamalas sa gawa at huwág sa salita.

SA AKING MGA KABABAE.

Mga irog ko: sapagka't lubós kong napagtatalastas na ang aking damdamin ay siya rin namang marubdob ninyong tinata-glāy, at sa maalab kong pag-asa na ang isasanguni ay hindi ipagpapaumanhin, kaya minarapat kong iluhog sa pinipistuhong mga magulang na ako'y pagkalooban ng pahintulot upang makapag-ilon ng kababaihan, hindi lamang ang mga nanahanahan dito sa Maynila, kundi pati naman ng nanagsa mga lalawigan at nang makapagtatag ng isang malaki at matibay na kapisanang pa-magatan ng "PAGTATANGOL NG PURI."

Sinangayunan ako ng binangit kong mga magulang palibhasa'y kanilang natatap na ang isinuyo ay isang bugay na lubhang mahalaga, una'y makapagpapadakila at mukapagpapadilag sa Inang Bayan, at bukod dito'y makapagpapakila ng ating karangalan at malabis na makatutulong sa ating mga lalake sa pag-uusig ng ikaginhawa ng kinamumulatan.

Maraming lubha ang mga kapisanang natatatag sa Sangkapuluan, at sa mga kapi-

sanang iya'y marami rin naman ang mga naáanib na kababaihan, na wala akong mahigilip na bagay na tinutungó tungkol sa atin kundi ang gawing bulaklak sa mga umpukan, sa pamamagitan nḡ di karaniwang pagbibihis, na maipalalagay na tayo'y na-wawangis sa mga itinitinda sa "feria".

Dapat nating talastasin na tayong mga babae ay anak din nḡ Pilipinas, gaya nḡ mga lalake kaya' may banal tayong tungkulung tumulong sa kalahat lahatang ikaga-galing.

